REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-215

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG HALAGANG ISANDAAN AT TATLUMPUNG LIBONG PISO (P130,000,00) NA KUKUNIN MULA SA DALAWANG MILYON AT LIMANGDAANG LIBONG PISO (P2,500,000.00) NA NAKALAAN SA BAYAN NG MUNTINLUPA BILANG DECENTRALIZATION INCENTIVE FUND NG DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT UPANG MAGAMIT BILANG KABAYARAN SA PAGBILI NG ANIMNAPU'T LIMANG LIBONG (65,000) BINHI (FINGERLINGS) NG BIG HEAD CARP NA IPAGKAKALOOB SA APAT NA SAMAHANG KAANIB SA KAPISANAN NG MGA SAMAHANG MANGINGISDA NG MUNTINLUPA (KASAMAMU).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay may programang pangkabuhayan para sa sektor ng mga mangingisda na ang pangunahing layunin ay maitaas ang antas ng kinikita ng mga mangingisda;

SAPAGKAT, ang Kapisanan ng mga Samahang Mangingisda ng Muntinlupa ay humiling sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ni Punong Bayan Ignacio R. Bunye na mapagkalooban ng pautang (loan) na Isandaan at Tatlumpung Libong Piso (P130,000.00) para sa apat na samahang kaanib sa Kapisanan upang magsagawa ng "big head carp raising";

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ay pinagtibay ang P130,000.00 pautang upang maibili ng 65,000 piraso ng binhi ng big head carp kay Dr. Alexander King, supplier ng nasabing mga binhi;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang laang-gugulin (budget) ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay hindi kasama ang nabanggit na pautang, at dahil dito, hiniling nito sa Muntinlupa Development Foundation (MDF) sa isang kasulatan na pautangin ito ng P130,000.00 upang maibigay sa mga samahan ng mangingisda upang tuwirang mabayaran ang supplier;

SAPAGKAT, pinagtibay ng MDF ang pautang na hiniling ng pamahalaang bayan at ito'y babayaran sa loob ng tatlong buwan mula ng ito'y ipagkaloob ng walang dagdag (interest);

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na naglalaan ng halagang Isandaan at Tatlumpung Libong Piso (P130,000.00) na kukunin mula sa Dalawang Milyon at Limangdaang Libong Piso (P2,500,00)

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



na nakalaan sa Bayan ng Muntinlupa bilang decentralization incentive fund ng Department of Budget and Management upang magamit bilang kabayaran sa pagbili ng Animnapu't Limang Libong (65,000) binhi (fingerlings) ng big head carp na ipagkakaloob sa apat na samahang kaanib sa Kapisanan ng mga Samahang Mangingisda ng Muntinlupa (KASAMAMU).

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 170th regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Setyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts